# Pagpintura at Pagdekorasyon

Pangalagaan ang Yamang-Tubig sa pamamagitan ng pagpigil ng anumang kontaminasyon





Ang mga stormwater drain markers ay nagpapaalala sa atin na tayo ay bahagi ng ating kapaligiran.

## Iwasan ang magtapon

Ang mga salubsob at pantunaw galing sa pintura ay kaagad linisin at iligpit. Kailangang iwasan ang pagtatapon ng mga ito upang hindi pumasok sa stormwater drainage system. Kapag ang tubig na ginamit panghugas sa mga gamit pangpintura ay naitapon sa kapaligiran o sa stormwater drainage system, ang tinang pangkulay ay nakikita at madaling matunton ang pinagmulan dahil sa bakas nito. Ang mga pantunaw at paint thinners ay karamihan madaling nasusunog at maaaring pumutok kaya hindi dapat hayaang dadaloy o pumasok sa kanal o tubo sa anumang oras.

Sakaling magkaroon ng aksidenteng pagkatapon ng kemikal sa kapaligiran, kaagad tumawag sa **Provincial Emergency Program (PEP)** sa **1.800.663.3456**. Sakaling and kemikal na ito ay madaling nasusunog, nakakalason, o kaya mapanganib, tumawag kaagad sa **Surrey Fire Department** sa **911**.

Ang sinumang may kagagawan ng pagkakalat at kontaminasyon sa stormwater drainage system ay maaaring papanagutin sa environmental legislation:

- Federal Fisheries Act
- BC Hazardous Waste Regulation
- BC Environmental Management Act
- Surrey By-law No. 16610

## Para sa kagdagang kaalaman

RCBC Recycling Hotline
**604.732.9253**

Product Care Association
**604.592.2972**
www.productcare.org

City of Surrey
Drainage & Environment Section
**604.591.4321**

Surrey Fire Department
**604.543.6760**

BC Ministry of Environment
**604.582.5200**

Kapag may nakitang natapon o itinapon na kemikal sa mga palagusan, maaaring tumawag sa City of Surrey's Engineering Department sa **604.590.7226**, pagkaraan ng 4:30pm sa **604.591.4431**.

www.surrey.ca

CITY OF SURREY



# Pagpintura

Ang operasyon sa pagpintura at pagdekorasyon ay gumagamit ng mga produktong maaaring makapaglikha ng dumi at mapanganib sa ating kapaligiran. Ang mga tira at basura galing sa pintura, pantunaw, pandikit at pang-alis ng pintura ay maaaring magkaroon ng mga mapanganib at nakakalasong kemikal at madaling nasusunog. Ang mga ito ay mapanganib sa mga isda at iba pang hayop na namumuhay sa tubig. Kapag ang tubig na ginamit sa paghugas at paglinis ng mga gamit pangpintura ay itinapon sa mga daan, parking lots at kalye ay maaaring dadaloy ang mga ito papunta ng stormwater kanal at papasok sa stormwater drainage system.

Mayroong mahigit 1500 km na sapa at daluyang-tubig ang Surrey. Ang mga sapang ito ay mga importantent daanang-tubig at tirahan ng mga isda gaya ng salmon, trout ay iba pang hayop na nabubuhay sa tubig.



# Alam mo ba?

**Maaari mong gamitin ulit ang mga pantunaw and thinners:** Ilagay ang sobra o mga tirang thinner o pantunaw sa isang lalagyang malinis at hayaang lulubog ang mga particles ng pintura. Alisin ang nakikitang malinis o malinaw at isantabi upang muling gamitin kapag kailangan. Hayaang tumigas ang natirang solids at puwedeng itapon sa basurahan.

Ang pinturang "latex" na hindi na muling gamitin pa ay maaaring gawing sangkap sa paggawaan ng semento. Ang hindi na muling gamitin pa na mga "oil-based" na pintura ay maaaring ire-distilled at gawing alternatibong panggatong.

## Mga Pinakamahusay na Pamamaraan

Upang maiwasan na mapunta ang mga dumi at polusyon sa stormwater drainage system at dadaloy ang mga ito sa sapa, ilog at batis. Kasanayang sundin ang mga sumusunod:

- Iwasang dadaloy ang duming tubig galing sa high pressure water stripping o paglilinis ng buong panlabas ng building sa stormwater drainage system.
- Kolektahin ang mga tubig na ginamit sa paghugas ng mga gamit pangpintura, solusyon, pantunaw at panglinis upang muling gamitin o kaya i-recycle at itapon ng maayos at naaayon sa tamang pamamaraan. Tumawag ng isang disposal company para sa mga recycling ng mga produkto.
- Gumamit ng "water based" na pintura sakaling kinakailangan. Hanapin ang salitang "latex" o "clean up with water" sa mga label. Ang mga pinturang ito ay di gaanong nakakalason kaysa "oil-based" at hindi nangangailangan ng panpatunaw pang linisin.
- Ang mga tirang pintura ay iwasan matapon sa anumang stormwater drain o sewer at bawal ilagay sa mga basurahan. Gamitin ang natirang pintura para sa susunod na pangangailangan, o kaya ibigay sa mga Charity upang mapakinabangan o tumawag sa Product Care Association o sa RCBC Recycling Hotline para alamin ang pinakamalapit na "collection depot".
- Ang mga kemikal o "mechanical paint stripping residue", pintura, "paint chips" at "paint dusts" na may "lead", "mercury", "tributyl tin" o iba pang mapanganib o "leachable compounds" ay tinuturing "special wastes" ayon sa Environmental Management Act at nangangailangn ng "special disposal". Tumawag sa BC Ministry of Environment para sa mga disposal requirements.
- Huwag maglinis ng mga bras o magbanlaw ng mga lata ng pintura sa kalye, gutter o stormwater drain.
- Para sa mga pinturang "water-based", ubusin ng sagad ang pinturang nasa bras at banlawan sa lugar na may "sanitary sewer".
- Para sa mga pinturang "oil-based", ubusin ng sagad ang pinturang nasa bras, salain at gamitin ulit ang thinners at pangpatunaw. Itapon sa tamang pamaraan ng mga latak at mga mapanganib na basura.
- Tiyaking alam ng mga manggagawa ang kanilang mga napakahalagang tungkulin upang maiwasan ang pagkakaroon ng kontaminasyon sa mga "stormwater drain".